

## Tungkol sa site ng suporta sa pamumuhay sa Kanagawa

### ●Ang site ng suporta sa pamumuhay sa Kanagawa

Sa "site ng suporta sa pamumuhay sa Kanagawa", malalaman mo kung saan dapat kumunsulta at magtanong, makakahanap kung anong suporta o tulong ang matatanggap ayon sa iyong lugar at klase ng suliranin, kapag nahihirapan sa pamumuhay at iba pa.

Walang pera, hindi makapagtrabaho, hindi makabayad ng upa sa bahay, walang matitirahan, may kapansanan o sakit at hirap sa buhay, nakakaranas ng pananakit at inabuso, may suliranin sa pag-aalaga at pagpapalaki. Lahat ng tao ay may suliranin, posibilidad na mangyari kahit kanino. At kung mangyari man ito, at wala man lang malapitan na kahit sino, at di alam kung saan magtatanong at hihingi ng tulong, mahihirapang lutasin ang suliranin, kapag palagi na lang sinasarili ang problema,

Ang "site ng suporta sa pamumuhay sa Kanagawa" ay nagpapakilala sa mga institusyon at organisasyon na tutulong at handang makinig sa konsultasyon ng mga problema sa Kanagawa prefecture. Kumunsulta, at tumanggap ng tulong, maraming suliranin ang kayang lutasin.

### ●Mga katangian ng site ng suporta sa pamumuhay sa Kanagawa

Ang nagtaguyod sa "site ng suporta sa pamumuhay sa Kanagawa" ay isang organisasyon na tinatawag na Kanagawa Life Poverty Independence Support Network. ito ay isang organisasyon sa Kanagawa prefecture na nag-aayos at nakikipagtulungan sa mga organisasyon na sumusuporta sa mga mahihirap na tao at iba pa sa iba't ibang larangan.

Sa site ng suporta sa pamumuhay sa Kanagawa, naka-post ang mga impormasyon na may kaugnayan sa organisasyon, mga munisipalidad, at mga pribadong organisasyon tulad ng mga NPO sa Kanagawa Prefecture.

### ●Paano gamitin ang site ng suporta sa pamumuhay sa Kanagawa

Sa top page ng "site ng suporta sa pamumuhay sa Kanagawa", Paki hanap at piliin ang lugar (area) ng tirahan at gustong malaman na konsultasyon. Lagyan ng check kung ano ang gustong malaman na konsultasyon, at maaari din lagyan ng check ang lugar ng tirahan sa paghahanap.

Kapag nahanap, makikita ang mga institusyon at organisasyon na nilagyan ng check ayon sa lugar at tungkol sa konsultasyon. Kapag na-click ang pangalan ng institusyon at organisasyon, lilipat ang screen sa mga detalye tungkol sa institusyon o organisasyon

Tignan Mabuti ang paraan ng konsultasyon at paraan ng paggamit, makipag-ugnayan sa bawat institusyon o organisasyon.

Kung kinakailangan, hindi lamang tulong ng isang samahan / institusyon, kailangan din ng pahintulot mula sa kumukunsulta na makipagtulungan sa iba pang organisasyon at institusyon. Layunin namin na malutas ang problema ng bawat isa,

Huwag sarilinin ang problema, kumunsulta po lamang  
Mangyaring gamitin ang site ng suporta sa Kanagawa.

\*\*\*\*\*

Serbisyong impormasyon ng ibat-ibang wika na itinatag sa Kanagawa prefecture  
Gabay sa ibat-ibang wika sa Kanagawa (5 minutong lakad mula sa Yokohama station)  
<http://www.kifjp.org/kmlc/tag>

Tel.no. : 045-316-2770 (Libre ang konsultasyon, pero may bayad ang tawag)

Oras : 9:00~12:00 13:00~17:15 (Sarado ng Sabado, Linggo, holidays at bagong taon)